

Sa Paggamit ng mga Serbisyo sa Komunikasyon ng au

Ang dokumentong ito ay nagpapaliwanag ng mahahalagang bagay hango sa Telecommunications Business Law kasabay ng paggamit ng mga serbisyo sa komunikasyon ng au.

Ang mga kokontratahang serbisyo ng mamimili ay saklaw ng mga termino at kondisyon ng kontrata na nakalagay sa website sa ibaba.

<https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/conditions/>

Mangyaring unawaing mabuti ang detalye ng kontrata bago makipagkontrata.

TINGNAN NANG MABUTI ang nakasulat dito at ang website

Mula sa QR Code



Mula sa kompyuter



au Paliwanag Tungkol sa Mahahalagang Bagay

Hanapin

<https://www.au.com/mobile/information/>

Ipapaliwanag ang mga ito sa Tindahan

A

Mahahalagang Bagay

..... P1

Mangyaring kumpirmahin ang mga nakalagay na dapat tandaan.

- | | |
|---|----------------------------------|
| 1. Mga Dapat Tandaan sa Pakikipagkontrata | 4. Paggamit ng mga Menor de Edad |
| 2. Mga Dapat Tandaan sa Pagbabayad | 5. Iba Pa |
| 3. Mga Dapat Tandaan sa Panahon ng Konklusyon ng Kontrata Alinsunod sa Pagbababa ng Adultong Edad | |

B

Mahahalagang Bagay (Bawat Modelo)

..... P8

Kumpirmahin Pag-uwi sa Bahay

C

Iba Pang Mga Paunawa

..... P9

D

Iba Pang Mga Paunawa (Bawat Modelo)

..... P14

• Para sa mga mamimiling gagamit ng smartphone, 4G LTE mobile phone, tablet, at device para sa data communication, mangyaring basahin ang “Mga Paunawa sa Bawat Modelo” (dokumento).

• Ang mga halaga na nakalagay sa dokumentong ito ay may kasama nang buwis maliban kung nakasaad na wala. Ang aktuwal na halaga na sisingilin ay hindi eksakto sa kabuuan ng bawa't halaga na may kalakip na buwis, dahil ikakalkula ang halaga ng buwis mula sa kabuuan ng bawa't halaga na walang kalakip ng buwis. Ang halaga na may kalakip na buwis ay nakalagay dito na tinanggal ang decimal place (maliban sa halaga ng pagtawag at komunikasyon).

• Maaaring magbago nang walang paalala upang isaayos ang serbisyo at singil.

• Maaaring tumawag ang staff ng branch sa pamilya kung mag-isang pupunta ang mamimiling may edad sa tindahan.

A Mahahalagang Bagay

Para sa Gagamit

- Aalamin kung ang bibilhing device sa ilalim ng prosesong ito ay gagamitin ng mamimili mismo o ng kaniyang pamilya. Ipapaliwanag nang hiwalay ang serbisyo ng Filtering kapag ang gagamit ay menor de edad.

1. Mga Dapat Tandaan sa Pakikipagkontrata

✓ Paraan ng Pagtingin ng Nilalaman ng Kontrata

Maaaring piliin ang nais na paraan ng pagtingin.



Papel



Pagtingin sa "My au" sa Website

※O "My au" está disponíbel pelo no smartphone, celular 4G LTE, tablet e computador.

<Pagtingin ng Nilalaman ng Kontrata (Papel ng Kontrata)>

Maaaring makita gamit ang nakatalagang URL (<https://cs.kddi.com/pr.htm>).

Maaari ring tingnan gamit ang URL na nakalagay sa ipinadalang SMS (C Mail) sa panahon ng aplikasyon.



※Maaaring makita kinabukasan ng mga may bagong kontrata at pagkatapos ng proseso para sa mga magpapalit ng modelo.

※Mababasa ito simula sumunod na araw matapos makipagkontrata hanggang ika-6 na buwan.

Maaaring i-download o i-print kapag kinakailangan.

※Depende sa ginagamit na PDF software, maaaring hindi maayos makita ang PDF file sa "My au".


Kung sakaling mangyari ang ganito, i-download mula sa PC o gumamit ng "Adobe®Reader®" upang mabasa nang maayos ang PDF file.

Maaaring tingnan sa "My au" (website) ang nilalaman ng kontrata.

• Para sa smartphone, 4G LTE mobile phone, tablet, kompyuter [<https://www.au.com/my-au/>]

My au


Hanapin



Maaaring makita o i-download at i-save kapag pinindot ang icon ng PDF. Ang "Aplikasyon para sa Kontrata ng au Communication Service" atbp. ay makikita simula sumunod na araw matapos makipagkontrata hanggang ika-6 na buwan.

Maaaring tingnan sa "My au" (aplikasyon) ang nilalaman ng kontrata.

• Hanapin sa Google Play o sa App Store ang "My au"



Maaaring makita o i-download at i-save kapag pinindot ang icon ng PDF. Ang "Aplikasyon para sa Kontrata ng au Communication Service" atbp. ay makikita simula sumunod na araw matapos makipagkontrata hanggang ika-6 na buwan.

※Maaaring magbago ang disenyo ng screen.

※Para sa mga mamimiling gumagamit ng povo, mangyaring tingnan sa pamamagitan ng povo2.0 app/povo1.0 app.

2. Mga Dapat Tandaan sa Pagbabayad

✓ Pagbabayad

- Ang bayad sa paggamit ay sisingilin sa susunod na buwan ng paggamit. Ang araw ng pagbabayad ay nagbabago depende sa paraan ng pagbabayad.

Account Debit	Ika-25 araw ng susunod na buwan, Huling araw ng susunod na buwan, Ika-10 araw ng pangalawang buwan* (Susunod na araw na may pasok kapag walang pasok ang araw ng pag-transfer) ※Ang araw ng pag-transfer ay maaaring baguhin sa "My au". (Maaari lamang piliin ang ika-25 araw ng susunod na buwan at huling araw ng susunod na buwan)
Credit Card	Susunod sa araw na itinakda ng ginagamit na kompanya ng card ※Para sa debit card, maaaring ibawas sa account ng kustomer ang halaga bago pa man ipakita ang detalye ng sinigil.

E-mail para sa babayaran sa KDDI/au (Bill on WEB Notice Mail)

Ang babayaran halaga kada buwan ay ipapadala sa SMS/+Message/e-mail. Maaari ring baguhin sa My au ang papadalhan, o i-set ang nilalaman ng paunawa.

<http://my.au.com/rd/mail>

※Ang prosesong ito ay maaaring isagawa ng mga bagong mamimili kinabukasan.



- Kapag ang halaga para sa paggamit ay hindi nakakaabot sa halaga na itinalaga ng KDDI (¥5,000 kasama ang buwis para sa direct debit, ¥330 kasama ang buwis para sa over the counter payment) sa pagbabayad maliban sa paggamit ng credit card, maaaring singilin nang isahan kada 2 buwan (Gayunman, hindi ito mailalapat habang binabayaran ang utang na hulugan o ang produktong binili sa utang, o kapag nakikipagkontrata sa Okinawa Cellular Telephone Company).
- Ang hulog na bayad, pagsingil sa installment para sa aplikasyon sa Kontrata sa Ikatlong Partido Para sa Bawa't Produktong Bibilhin sa Utang, at Kontrata sa Pagbili sa Bayad na Hulugan ay sisingilin dalawang buwan matapos ang aplikasyon. Patuloy na sisingilin ang balanse para sa natitirang hulog na bayad at installment kahit pa nagbago ng modelo, nagpakansela o pansamantalang pinahinto ang kontrata (maaari ring bayaran nang isahan).

✓ Halaga na Babayaran ng Mamimili

- Tatlong klase ang babayaran ng Mamimili.

① Bayad Para sa Handset

May isahang bayad at mayroong hulugan. Maaaring isabay sa buwanang bayad kapag hulugan.



② Buwanang Bayad Para sa Detalye ng Kontrata

Bayad sa Basic charge, bayad sa Flat-rate Data Service, bayad sa opsyonal na serbisyo, bayad sa pagtawag, bayad sa internet, bayad sa unibersal na serbisyo*¹, bayad sa telephone relay service*², bayad sa paggamit ng au Simple Payment Service at iba pa



③ Bayad Para sa Pakikipagkontrata Sisingilin ito kasama ng unang halaga para sa paggamit ng serbisyo.

- Bagong Kontrata: ¥3,000 (¥3,300 kasama ang buwis)
- Bagong Modelo: ¥2,000 (¥2,200 kasama ang buwis) o ¥3,000 (¥3,300 kasama ang buwis) depende sa luma o bagong modelo

Pangunahing Babayaran sa Pagpapalit ng Modelo

Lumang Modelo		Bagong Modelo		Bayad Para sa Pakikipagkontrata
5G Smartphone		5G Smartphone		¥2,000 (¥2,200 kasama ang buwis)
4G LTE Smartphone	Compatível com au VoLTE	4G LTE Smartphone	Suportado ng au VoLTE	¥2,000 (¥2,200 kasama ang buwis)
4G LTE Mobile Phone	Hindi suportado ng au VoLTE	4G LTE Mobile Phone	Hindi suportado ng au VoLTE	¥2,000 (¥2,200 kasama ang buwis)
5G Smartphone		4G LTE Smartphone / 4G LTE Mobile Phone		¥3,000 (¥3,300 kasama ang buwis)
4G LTE Smartphone / 4G LTE Mobile Phone		5G Smartphone		¥3,000 (¥3,300 kasama ang buwis)
4G LTE Smartphone	Hindi suportado ng au VoLTE	4G LTE Smartphone	Suportado ng au VoLTE	¥3,000 (¥3,300 kasama ang buwis)
4G LTE Mobile Phone	Suportado ng au VoLTE	4G LTE Mobile Phone	Hindi suportado ng au VoLTE	¥3,000 (¥3,300 kasama ang buwis)

※Ang iPhone 7/7 Plus/SE/6s/6s Plus/6/6 Plus at GRATINA 4G KYF34 ay maaaring gamitin sa au VoLTE ngunit itinuturing ang mga ito na smartphone / mobile phone na hindi suportado ng au VoLTE.

※1 Universal Service Charge

Babayaran ang halaga na nakasulat sa website
(<https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/universal/>) sa bawat nakakontratang numero.

Ang universal service charge ay sisingilin upang magamit ang serbisyo ng pagtawag ng subskripsyon na telepono (tinatawag itong "Universal Service") ng lahat ng sambahayan sa buong Japan nang pantay-pantay at matatag.



※2 Telephone Relay Service Charge

Babayaran ang halaga na nakasulat sa website
(<https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/telephonerelay/>) sa bawat nakakontratang numero.

Ang telephone relay service charge ay binabayaran upang mapanatili ang tama at tiyak na paghahatid ng "Telephone Relay Service" kung saan kinokonekta upang magkaintindihan ang mga may kapansanan sa pandinig o pagsasalita at mga taong maayos ang pandinig.



✓ Bayad sa Pagkansela ng Kontrata

- Kapag kakanselahin ang au communication service, babayaran ang nasa ibaba alinsunod sa detaye ng kontrata.

Bayad sa paggamit sa buwan ng pagkansela	
Basic charge	1 buong buwan bayad para sa buwan ng pagkansela
Bayad sa Flat-rate Data Service	
Bayad sa Opsyonal na serbisyo	Hindi kada araw na singil
Bayad sa Tawag / Internet	
Bayad sa paggamit ng au Simple Payment Service	Bayad sa paggamit hanggang sa araw ng pagkansela

※Maaaring singilin nang kada araw alinsunod sa detaye ng kontrata.

※Maaaring hindi mailapat ang diskwento sa buwan ng pagkansela depende sa kinuhang serbisyo ng diskwento.

Iba Pang Bayad
Iba't Ibang Bayad
Bayad sa hulog o utang

※Simula Abril 1, 2021, walang bayad para sa proseso ng MNP transfer mula sa au.

Tingnan ang Nilalaman ng Kontrata (Para sa Kustomer) para sa detalye ng kontrata.

✓ au Simple Payment Service (Carrier Payment)

- Ang au Simple Payment Service ay serbisyo kung saan maaaring kahaliling magbayad para sa shopping o biniling contents sa smartphone o PC gamit ang au ID (<https://id.auone.jp/payment/sp/>). Maaari itong gamitin sa default condition nito sa panahon ng pagkuha ng kontrata.



• Kailangang sumang-ayon sa polisiya para sa mga miyembro ng au Simple Payment Service sa paggamit^{※1}. (<https://id.auone.jp/payment/terms.html>).

• Kailangan ang beripikasyon ng passcode kapag gagamit. Ang default na password ay ang 4 na numerong isinulat sa kontrata sa panahon ng pagkuha ng bagong linya. Kahit na ang pamilya ng bata o ikatlong partido ang nagkumpirma, ituturing na ang may kontrata ang gumawa nito at ang bayad ay sisingilin sa may kontrata. Ingatan ang passcode at huwag hayaang malaman ng ibang tao maliban sa may kontrata.

• Kung nais lagyan ng limitasyon ang au Simple Payment Service, palitan ang setting ng limitasyon ng paggamit at halaga (<https://id.auone.jp>).

• Para maiwasan ang hindi awtorisadong pagbabayad sa ikatlong partido, magsasagawa ng ikalawang lebel ng kumpirmasyon^{※2}. Kapag natanggap ang ikalawang lebel ng kumpirmasyon, **mag-ingat na huwag payagan o huwag i-access ang nakasulat na URL kapag hindi natatandaan ang pag-login o ang pagbili.**

※1 Ang pinakabagong bersyon at panahon na may bisa ng kasunduang ito ay ilalagay sa website na nasa itaas at magkakaroon ng bisa sa nakasaad na panahon.

※2 Kapag nag-login sa mga handset na hindi nakakontra, magpapadala ng SMS (C-Mail) o E-mail ang au upang makumpirma ng kustomer.

• Maaaring hindi magamit ang balance charge sa au PAY o mabawasan ang maximum nito kasunod ng pagpapalit ng ginagamit na plan o brand.

3. Mga Dapat Tandaan sa Panahon ng Konklusyon ng Kontrata Alinsunod sa Pagbaba ng Adultong Edad

- (1) Alinsunod sa pagbaba ng adultong edad, hindi na kailangan ng permisyon ng may kustodiya kapag ang kustomer ay 18 edad o higit pa sa panahon ng konklusyon ng kontrata ng mobile phone o ng electronic communication service. Sa panahon ng konklusyon ng kontrata, mangyaring intindihin nang husto ang nilalaman bago makipagkontrata bago gamitin ang pagtawag o serbisyo ng komunikasyon.
- (2) Sa mga kontrata sa pagbili ng mga bagay gamit ang internet o sa mga paggamit ng serbisyo, mangyaring intindihin nang husto ang nilalaman bago makipagkontrata bago gamitin ang bawat serbisyo tulad rin ng nasa itaas.

4. Paggamit ng mga Menor de Edad

✓ Serbisyo ng Filtering

■ Pakiusap Hinggil sa Pagsunod sa Batas Tungkol sa Paggamit ng Internet ng mga Menor de edad

Kapag ang gagamit ay edad 18 pababa, kailangang kunin at i-setup ang serbisyo ng filtering pagkabili ng handset alinsunod sa batas.

■ Panganib sa Paggamit ng Internet at Epekto ng Serbisyo ng Filtering

Sa paggamit ng internet, maaaring masangkot sa krimen o makakita ng mga labag sa batas o mapanganib na impormasyon ang menor de edad na maaaring makaapekto sa maayos na paglaki. Dahil sa SNS atbp., tumataas ang bilang ng mga menor de edad na nagkakaroon ng problema dahil sa pakikipag-usap sa mga di kilalang tao. Mayroon ding panganib na hindi lamang maging biktima kundi maging suspek sa krimen nang di inaasahan.

Maaaring mabawasan ang nakikitang mapanganib na impormasyon ng menor de edad sa pamamagitan ng paggamit ng serbisyo ng filtering.

■ Pagtakda o Paggamit ng Filtering Service

Mangyaring piliin, pagsamahin, itakda at gamitin ang angkop na filtering service sa ibaba para sa bata. Hindi maaaring limitahan ng WEB Filter para sa Menor de Edad ang access kapag gumagamit ng Wi-Fi. Ipinapayo ang setting o paggamit ng Safety Filter Service for au, Screen Time, o Family Link kapag gumagamit ng device na saklaw nito.

※Mangyaring tingnan ang website ng au para sa karagdagang detalye tungkol sa filtering service.

<https://www.au.com/mobile/service/filtering>

<Safety Filter Service for au (Para sa Android/iOS)>

- Serbisyo ng filtering para maprotektahan ang mga bata mula sa mga mapanganib na website at aplikasyon. Mangyaring itakda at gamitin ito lalo na para sa mga bata na magsisimula pa lamang gumamit ng internet o smartphone.
- Maaaring pumili ng lakas ng proteksyon ng filtering depende sa edad o paggamit ng bata. Maaaring payagan ng may kustodiya sa ibang pagkakataon na gamitin ang mga nakalimitang website at aplikasyon. (※Maliban sa iOS na aplikasyon)

Aplikasyon / Website na maaaring magamit kapag may Safety Filter Service for au

Aplikasyon	Android / 4G LTE mobile phone				iOS (Note)
	Elementarya	Middle School	High School	High School Plus	
LINE	×	×	×	×	○
Instagram	×	×	×	×	○
YouTube	×	×	○	○	×
Facebook	×	×	×	×	○
Twitter	×	×	×	×	×

Website	Android / 4G LTE mobile phone / iOS			
	Elementarya	Middle School	High School	High School Plus
News, Nabigasyon	○	○	○	○
Game, Video, Musika	×	○	○	○
SNS, Blackboard	×	×	×	○
Dating, Adult	×	×	×	×

Note) Ang setting sa aplikasyon ng iOS ay saklaw lahat kahit anong edad o lebel ng edukasyon.

★Base sa impormasyon tungkol sa desisyon noong Nobyembre 2021. Maaaring magbago nang walang paalala. ★Base sa impormasyon ng unang setup.

<Screen Time (Para sa iOS), Family Link (Para sa Android)>

- Dagdag pa sa filtering ng mga website at aplikasyon, maaari ring kontrolin o kumpirmahin ang detalye ng oras ng paggamit ng bata ng Smartphone.

※ Ang mga nakalimitang website o aplikasyon ay base sa itinakda ng kumpanya ng Apple o Google.

<Web Filter para sa Menor de Edad>

- Habang gumagamit ng internet (maliban habang gumagamit ng Wi-Fi) sa 5G Smartphone, lilimitahan ang paggamit ng website na nakitang hindi angkop na magamit ng bata base sa impormasyon mula sa URL na pinuntahan.

■ Kapag Hindi Isetup o Gagamitin ang Serbisyo ng Filtering

Kapag hindi kukunin ang serbisyo ng filtering, kailangang magsumite ng "Pagpapaalam na Hindi Gagamit ng Serbisyo ng Filtering".

Kailangan ng inisyal na setting ng filtering. Kailangan ng pagpapaalam kapag hindi ipapalagay ang inisyal na setting ng filtering sa tindahan. Siguraduhing magsagawa ng inisyal na setting ng filtering sa bahay atbp. sa responsibilidad ng may kustodiya.

Sa paggamit ng internet ng menor-de-edad, ang may kustodiya sa kaniya ang dapat magpasiya ayon sa sapat na pag-uunawa at pananagutan.

[Pakiusap sa May Kustodiya]

- Gumawa ng panuntunan para sa mga bata batay sa pag-uunawa sa panganib ng internet upang hindi sila makipag-usap sa hindi kilalang tao.
- Hindi sapat ang filtering service na ito upang lubusang makontrol ang paglapit ng mga bata sa mapanganib na impormasyon atbp.
Kailangang unawain at tiyakin ng may kustodiya ang kalagayan ng paggamit ng mga bata sa internet tulad ng pagtaas ng antas ng filtering base sa edad o paggamit ng bata, pagpili sa mga maaaring gamitin na SNS o aplikasyon, paggamit ng programa para sa paglimita ng oras ng paggamit at iba pa.
- ※Sa Safety Filter for au, magpapadala ng mensahe (e-mail) sa may kustodiya kapag kinansela ang setting ng filtering.

5. Iba Pa


✓ Paglilimita sa Bilis ng Komunikasyon

■ Kapag Lumampas sa Takdang Dami kada Buwan ang Nagamit na Data

Sa 5G / LTE / WiMAX2+, lilimitahan ang bilis ng komunikasyon sa 128kbps hanggang sa katapusan ng buwang ito. Ang paglilimita sa bilis sa komunikasyon ay tatanggalin sa unang araw ng susunod na buwan.

※Kapag binili ang data sa "Data Charge", ang data na binili ay magagamit nang walang paglilimita sa bilis sa komunikasyon.

※Kapag ginagamit ang "Extra Option", magagamit ang takdang dami sa isang buwan nang walang paglilimita sa bilis sa komunikasyon kahit na pagkalampas.



Maaaring tingnan sa aplikasyon na "My au" ang dami ng nagamit na data.

■ Kapag gagamit ng maraming data sa maikling panahon

Upang maiwasan ang sikip ng network, lilimitahan ang bilis sa komunikasyon kapag nasa sumusunod na kalagayan.

Saklaw na Kontrata	Kondisyon	Panahon ng paglilimita
Adjust Plan 5G, Adjust Plan 5G (s), Unlimited Data MAX Plan 5G, Unlimited Data MAX Plan 5G with Amazon Prime, Unlimited Data MAX Plan 5G Netflix Pack (P), Unlimited Data MAX Plan 5G Netflix Pack, Unlimited Data MAX Plan 5G DAZN Pack, Unlimited Data MAX Plan 5G TV Pack, Unlimited Data MAX Plan 5G ALL STAR Pack, Smartphone Start Plan (Flat) 5G, Adjust Plan 4G LTE, Adjust Plan 4G LTE (s), Unlimited Data MAX Plan 4G, Unlimited Data MAX Plan 4G Netflix Pack (P), Unlimited Data MAX Plan 4G Netflix Pack, Unlimited Data MAX Plan 4G DAZN Pack, Unlimited Data MAX Plan 4G TV Pack, Smartphone Start Plan (Flat) 4G, Tablet Plan Light 5G, Tablet Plan Light 4G, Router Flat Plan 80 (5G), Mobile Router Plan 5G, Home Router Plan 5G	Para sa mga mamimili na gumamit ng maraming data sa loob ng nakatakdang panahon*	Oras kung kailan maraming gumagamit
Iba pang Price Plan	LTE NET / LTE NET for DATA (4G LTE Smartphone, 4G LTE Tablet, 4G LTE Mobile Phone, Kontrata para sa 4G LTE PC)	Mga mamimili na gumamit ng 6GB o higit pa sa huling 3 araw (hindi kasama ang araw mismo)* Buong araw
	LTE NET / LTE NET for DATA (Kontrata para sa handset na may komunikasyon ng data)	Mga mamimili na gumamit ng 10GB o higit pa sa huling 3 araw (hindi kasama ang araw mismo)* Oras kung kailan maraming gumagamit

※Kasama rin sa paglilimita ang dami ng data na binili sa pamamagitan ng Data Charge at Extra Option.

✓ Area Quality Information Transmission Function

■ Upang mas mapaganda ang kalidad ng service area, maaaring mangolekta ng impormasyon hinggil sa kalidad ng data communication, kondisyon ng signal at lugar (GPS info). Ang nakalap na impormasyon ay gagamitin lamang para sa pagpapaganda ng kalidad ng service area. Hindi magsasagawa ng pagkolekta ng nilalaman ng komunikasyon o ng pribadong impormasyon ng mamimili.

※Ang function na ito ay maaaring tanggalin sa mga saklaw na handset.

✓ Communication Control Function

■ Kikilalanin ang kinokonektahan o ang aplikasyon na ginagamit sa kontrata ng 5G service upang mapanatili at mapataas ang kalidad ng network. Ang resulta ng identipikasyon ay maaaring gamitin sa pagkontrol ng bilis ng komunikasyon sa panahon na maraming gumagamit.

✓ Tungkol sa Communication Identification Function

■ Habang nakakontra sa price plan sa ibaba, mailalapat ang communication identification function (function kung saan makikilala ang kabilang partido at ginagamit na serbisyo ng kasalukuyang koneksyon).

- Unlimited Data MAX Plan 5G, Unlimited Data MAX Plan 5G with Amazon Prime, Unlimited Data MAX Plan 5G Netflix Pack (P), Unlimited Data MAX Plan 5G Netflix Pack, Unlimited Data MAX Plan 5G DAZN Pack, Unlimited Data MAX Plan 5G TV Pack, Unlimited Data MAX Plan 5G ALL STAR Pack, Unlimited Data MAX Plan 4G, Unlimited Data MAX Plan 4G Netflix Pack (P), Unlimited Data MAX Plan 4G Netflix Pack, Unlimited Data MAX Plan 4G DAZN Pack, Unlimited Data MAX Plan 4G TV Pack

※Maaaring madagdagan ang mga saklaw na price plan ng communication identification function. Tingnan sa URL sa ibaba ang mga pinakabagong saklaw na price plan.

<https://www.au.com/mobile/information/contract/>

Kapag nagpalit ng plan papunta sa price plan na saklaw din ng communication identification function, magpapatuloy pa rin ang function na ito.



Ang resulta ng identipikasyon ay gagamitin sa data volume count base sa price plan, at sa limitasyon sa bilis ng komunikasyon.

✓ Kalidad ng Koneksyon at Service Area

- Nagbabago ang service area at bilis ng koneksyon depende sa ginagamit na modelo. Maaaring magbago ang service area. Mangyaring tingnan ang website ng au para sa detalye.



Website ng au

Top ▶ Produkto / Serbisyo ▶ Smartphone / Mobie Phone Top Page ▶ Area

- Depende sa kondisyon ng linya o sa lugar ng paggamit ng kustomer, maaaring bumagsak ang bilis ng koneksyon o lubusang hindi ito magamit (ang serbisyo ng komunikasyon ng au ay base sa uri ng best effort).
- Hindi magagamit sa dakong hindi nararatingan ng radyasyon tulad sa tunel, ilalim ng lupa, loob ng gusali, likod ng mataas na gusali, at bulubunduking lugar, at sa labas ng lugar ng serbisyo. Maaaring hindi rin magagamit sa lugar kung saan mahina ang signal tulad sa mataas na dako, mataas na palapag ng mataas na gusali, atbp, at depende sa kalagayan ng panahon.

■ Tungkol sa Koneksyon ng 5G

- Ang mga handset na saklaw ng 5G ay maaari ring gumamit ng 4G LTE area dagdag pa sa 5G area. Ang mga lugar na mayroong 5G ay limitado pa lamang kaya mas madalas ang paggamit ng 4G LTE.
- Ang signal ng 5G ay mas mahirap makarating sa loob ng bahay kumpara sa 4G LTE dahil sa uri ng signal nito kaya maaaring maging 4G LTE ang koneksyon kahit na nasa 5G area.
- Sa 5G device, maaaring nakalagay sa antenna mark ang “5G” kahit na nasa ilang lugar na hindi magagamit ang koneksyong 5G. Dagdag pa dito, maaaring mapalitan ang antenna mark ng “4G” para sa pagtawag at koneksyon.



✓ Pagkansela sa Loob ng 8 Araw (Sistema ng Panukalang Kumpirmasyon)

- Maaaring ipakansela ang nauukol na kontrata sa loob ng 8 araw sa ilalim ng mga kondisyon sa ibaba.

Kapag hindi sapat ang signal sa bahay



Kapag napag-alaman na hindi sapat ang paliwanag tungkol sa kontrata



Kapag hindi naisagawa ang kontrata nang naaayon sa batas



Mga Saklaw na Kondisyon	Para sa Katanungan
Kapag hindi sapat ang signal sa bahay	【Numero ng Telepono】 Mula sa au mobile phone (diretso) 157 (libre) Mula sa ibang mobile phone o landline Customer Support Center 0077-7-111 (libre) 【Signal Support 24 website】 https://www.au.com/mobile/area/dennpa-support 
Kapag napag-alaman na hindi sapat ang paliwanag tungkol sa kontrata	Tindahan kung saan ginawa ang proseso
Kapag hindi naisagawa ang kontrata nang naaayon sa batas	

Tingnan ang nilalaman ng kontrata (Papel ng Kontrata) para sa iba pang impormasyon.

✓ Paraan ng Iba't Ibang Uri ng Pagpapalit, Pagkansela, atbp.

	KDDI		
	au Style / Tindahan ng au	Tindahan ng Toyota au	Malaking Retailer, retailer ng ilang uring brand, at iba pa
Pagpapalit ng modelo	○	○	○
Pansamantalang pagpapahinto	○	○	×
Paglilipat o pagpapamana	○	○	×
Pagkansela ng kontrata	○	○	×
Pagbabago ng payment plan*	○	○	○
Pagpapalit ng iba't ibang serbisyo*	○	○	○

※Maaari ring isagawa sa "My au" at Customer Center.

Maaaring tingnan o baguhin sa "My au" ang detalye ng kontrata.

■ "My au" (Applikasyon)

Menu sa kaliwang taas ≡ ▶ Tingnan/Palitan ang Detalye ng Kontrata

Paraan ng pagdodownload ng "My au" app
Hanapin sa Google Play o sa App Store ang "My au"



• Paraan ng Pagpapalit ng Detalye ng Kontrata*
(Kapag isasagawa sa "My au")

■ "My au" (Website)

Mula sa smartphone, 4G LTE mobile phone, tablet o kompyuter
<https://www.au.com/my-au/>

※Mayroong ilang proseso na hindi maaaring isagawa sa "My au".



✓ Mga Dapat Tandaan sa Paggamit ng Contents

- Hindi na kakailanganin ang mga iyon dahil sa pagbabago ng modelo at pagkansela, ang mamimili mismo ang dapat gumawa ng hakbang para sa pagtatapos o pagpapaputol.
- Mangyaring magsagawa ng mga pagpigil sa hindi intensyonal na paggastos ng malaking halaga ng mga bata para sa mga laro na walang pahintulot ng nakikipagkontrata o ng mga magulang.

1

Huwag magtalaga ng password na madaling hulaan.



2

Huwag ipaalam ang numero ng credit card.



3

Huwag payagan ang bayad sa second authentication kapag hindi ito natatandaan.



4

Itakda ang limitasyon sa paggamit ng au Simple Payment Service, App Store, o Google Play.



5

Itakda ang maximum na magagamit ng kabuuang bayad para sa data.



Maaaring baguhin sa au ID website.

Pindutin ang "MENU"
▼
au Simple Payment Service
Pindutin ang "Maximum Usage Amount"

6

Maaaring bawasan ang maximum na halaga na maaaring gamitin sa pamamagitan ng pagrehistro ng gagamit.



7

Maglagay ng sub-address upang makumpirma ang paggamit ng bata.



Maaaring baguhin sa au ID website.

Pindutin ang "MENU"
▼
au Simple Payment Service
Pindutin ang "Mail Delivery Setting"
▼
Pindutin ang "Set or Change Contact Email Address"

Pumunta sa au ID Website



✓ Awtomatikong Koneksyon at Software Update

- Ang mga smartphone at iba pang uri ng communication device ay maaaring magsagawa ng awtomatikong koneksyon tulad ng automatic software update (kabilang ang mga required na update para sa security at iba pa) na hindi kontrolado ng mamimili. Maaaring may babayaran para sa awtomatikong koneksyon depende sa paggamit at price plan.
- Maaaring magkaroon ng update ng software para sa pagdadagdag ng punsyon at pagbabago o pag-aayos ng kalidad. Mangyaring mag-update ng software at gamitin ang pinakabagong bersyon kapag nagkaroon nito.





Mahahalagang Bagay (Bawat Modelo)

Pakiusap na tingnan ang mga bagay tungkol sa ginagamit na modelo.

✓ Android Smartphone

- May mga serbisyo na iba ang espesipikasyon at mga serbisyo na hindi na magagamit kapag nagpalit sa modelo na saklaw ng au VoLTE.

Mga Saklaw na Serbisyo

Call Waiting, Charge Display, Call Hold, Answering Service, Time Settings for Call Forwarding and Non-answered Call Forwarding, Special Numbers for Remote Control, Answering Service (Voice Mail) EX, International Roaming, Nuisance Call Blocking

- Kapag gumagamit ng messaging app (MMS) sa iPhone, kung magpapalit ng modelo mula iPhone sa Android Smartphone, hindi na mababasa pa sa Android smartphone ang mga natanggap o ipinadala mula sa au mail sa iPhone bago magpalit ng modelo.

✓ iPhone

- IMay mga serbisyo na iba ang espesipikasyon at mga serbisyo na hindi na magagamit kapag nagpalit sa modelo na saklaw ng au VoLTE.

Mga Saklaw na Serbisyo

Call Waiting, Charge Display, Call Hold, Answering Service, Time Settings for Call Forwarding and Non-answered Call Forwarding, Special Numbers for Remote Control, Answering Service (Voice Mail) EX, International Roaming, Nuisance Call Blocking

- Ang mga natanggap o ipinadalang e-mail mula sa au ay nakalagay sa au Mail Server at hindi sa telepono. May hangganan ang server sa bilang o laki ng e-mail na maaaring ilagay. Kapag lumampas sa hangganan ang bilang o laki ng mga e-mail, awtomatikong mabubura ang mga e-mail mula sa pinakaluma.
- Kapag inyong isinagawa ang mga proseso sa ibaba, mabubura ang lahat ng nakalagay sa au Mail Server tulad ng “e-mail” at “memo”. Ang mga naburang data ay hindi na maibabalik.

Mga Saklaw na Proseso

- Pagkansela sa 5G NET, LTE NET
- Pagpapalit ng numero, Paglipat ng Telepono (Maliban sa loob ng pamilya)
- MNP sa pagitan ng KDDI at Okinawa Cellular Telephone Company
- Pagpapatigil pansamantala at muling paggamit ng telepono

✓ 4G LTE Mobile Phone

- Mahigpit na iminumungkahi ang pagkuha ng Flat-rate Data Service.
 - Maaaring lumaki ang babayaran dulot ng paggamit ng malaking volume ng data dahil sa panonood at pagdownload ng video at musika.
 - Sa pagpapalit ng modelo, kapag mailalapat ang pagbabago ng price plan sa araw ng pagpapalit, ikukuwenta ang bayad sa data sa araw na iyon base sa Flat-rate data service pagkatapos magpalit ng modelo. Maaaring lumaki ang babayaran kapag hindi kumuha ng Flat-rate Data Service matapos ang pagpapalit ng modelo. Kapag gumagamit ng price plan kung saan tumataas ang babayaran depende sa paggamit ng data matapos ang pagpapalit ng modelo, maaaring maabot agad ang hangganan ng data depende sa dami ng data na nagamit bago magpalit ng modelo.
- Ang mga magagamit na aplikasyon ay mga aplikasyon na nasa modelo o mga magagamit na aplikasyon sa “au Smart Pass Premium” “au Smart Pass” (Kailangan ng Aplikasyon / May Bayad).

- Paalala kapag magpapalit sa hindi saklaw ng Multi Device

Kapag gumagamit ng server synchronization ng au mail sa iPhone o iba pang device maliban sa iPhone, maaaring hindi makita o ma-recover ang mga natanggap o ipinadala mula sa au mail bago magpalit ng device.

Mangyaring tingnan ang website ng au para sa detalye ng mga device na hindi saklaw ng multi device.

<https://www.au.com/mobile/service/email/multi-device-usage/>

✓ 5G Home Router

- Tungkol sa Pagkuha ng Location Information
 - Sa paggamit ng serbisyong ito, upang matunton ang lugar ng paggamit ng kustomer, kukunin ang GPS information na makukuha mula sa communication device, at ang assumed location information base sa koneksyon o impormasyon na kasama sa communication log ng KDDI/Okinawa Cellular at UQ Communications.
- Tungkol sa Lugar ng Paggamit
 - Ipinagbabawal ang paggamit sa address na hindi nakalagay sa kontrata.
 - Kailangang isagawa ang proseso ng pagpapalit ng address sa kontrata kapag magbabago ang lugar ng paggamit dahil sa paglipat ng bahay. Hindi magagamit ang internet sa lugar na lilipatan kapag hindi isinagawa ang proseso.
 - Kahit na ang lugar na lilipatan ay hindi kabilang sa service area, hindi makakansela ang kontrata kapag hindi isinagawa ang proseso.
- Paghinto ng Serbisyo at Iba pa
 - Mahihinto ang paggamit ng serbisyo kapag nakumpirma ng kumpanya ang paggamit sa lugar na wala sa kontrata. Sa kasong iyon, ipagbibigay-alam ito sa pamamagitan ng SMS o tawag.
 - Maaaring kanselahin ng kumpanya ang kontrata kapag nakumpirma ng kumpanya ang paggamit sa lugar na wala sa kontrata matapos ang rekoneksyon. Sa kasong iyon, ipagbibigay-alam ito.
 - Maaaring pahintuin ang serbisyo o kanselahin ang kontrata nang walang paunawa sa panahon ng emergency o di maiiwasang pagkakataon.

C Iba Pang Mga Paunawa

1. Bayad

Tungkol sa Bayad sa Buwan ng Pagbili

- Kapag bumili sa kalagitnaan ng buwan, ang basic na babayaran (kasama ang libreng pagtawag) at ang babayaran para sa Flat-rate Data Service ay kakalkulahin sa bilang ng araw ng paggamit.

Tungkol sa Pagbabayad

- Sisingilin sa pamamagitan ng "Bill on WEB" na makikita ang bayad para sa paggamit sa internet (hindi ipapadala ang bayarin sa papel, atbp.).
 - ※Kung nais ng mamimili ang pagpapadala ng "Papel na Bayarin", kailangan ng bukod na aplikasyon. Sisingilin ang gastos para sa paggawa at pagpapadala ng papel na bayarin ng ₱200 (₱220 kasama ang buwis) / isang singil.
 - ※Magpapadala ng transfer form kahit na ano man ang aplikasyon sa "Papel na Bayarin" para sa mga mamimili na magbabayad ng over the counter. Mayroong babayaran para sa pagtanggap sa over the counter (₱300 (₱330 kasama ang buwis) / isang singil, kasama ang bayad para sa pagpiprinta ng papel).

Magagamit at Nagamit na Data Volume sa Buwan ng Pagpapalit ng Modelo

- Kapag isasagawa ang aplikasyon sa pagpapalit ng Flat-rate Data Service kasabay ng pagpapalit ng handset sa pagitan ng mga handset na saklaw ng 5G / 4G LTE (kasama ang au VoLTE), ang detalye ng pagpapalit ay nasa ibaba.

Bagay	Detalye
Araw ng Pagpapalit	Mismong araw ng pagpapalit
Flat Rate Data	Bayad kada araw sa flat rate data bago magpalit + Bayad kada araw sa flat rate data matapos magpalit
Alokasyon ng data sa kasalukuyang buwan	Pagkukumparahin ang Flat Rate Data Service bago at matapos magpalit at gagamitin ang may mas mataas na alokasyon ng data. Ikukumpara ang "Adjust Plan 5G", "Adjust Plan 5G (s)", "Adjust Plan 4G LTE", "Adjust Plan 4G LTE (s)" sa 1GB at ang "Unlimited Data MAX Plan 5G", "Unlimited Data MAX Plan 5G with Amazon Prime", "Unlimited Data MAX Plan 5G Netflix Pack (P)", "Unlimited Data MAX Plan 5G Netflix Pack", "Unlimited Data MAX Plan 5G DAZN Pack", "Unlimited Data MAX Plan 5G TV Pack", "Unlimited Data MAX Plan 5G ALL STAR Pack", "Unlimited Data MAX Plan 4G", "Unlimited Data MAX Plan 4G Netflix Pack (P)", "Unlimited Data MAX Plan 4G Netflix Pack", "Unlimited Data MAX Plan 4G DAZN Pack", "Unlimited Data MAX Plan 4G TV Pack" sa volume na nakaset sa bawat plan bilang hangganan kapag gumagamit ng koneksyon sa tethering, data share o World Data Flat.
Nagamit na data volume sa kasalukuyang buwan	Nagamit na data volume sa Flat-rate Data Service bago magpalit + nagamit na data volume sa Flat-rate Data Service pagkatapos magpalit

Paggamit ng au Simple Payment Service (Google Play™) sa Dating Modelo (Modelo ng Android™)

- Dahil ang pagbabayad ng au Simple Payment Service (Google Play™) ay nakatali sa kontrata sa serbisyo sa komunikasyon ng au, ang halaga para sa paggamit ng au Simple Payment Service (Google Play™) sa dating modelo (modelo ng Android™) pagkatapos din ng pagbabago ng modelo ay sisingilin kasama ang halaga para sa paggamit ng mobile phone ng au pagkatapos ng pagbabago ng modelo.
Kapag nagnanais na ihinto ang paggamit ng au Simple Payment Service (Google Play™) sa dating modelo (modelo ng Android™), magagawa ito sa pamamagitan ng pagtanggap ng au IC Card sa modelong iyon.

Bayad sa Data Communication

- Ang bayad para sa data communication ay ibabase sa ipinadala at natanggap na dami ng data.

- Kapag hindi natiyak ang pagbabayad hanggang sa petsa ng pagbabayad na itinakda ng KDDI, maaaring singilin ang halaga para sa pagpapahuli sa pagbabayad, at hinto ang serbisyo para sa pagtawag ayon sa mga probisyon ng au para sa kontrata. Sisingilin pa ang basic charge, atbp. kahit habang inihinto ang pagtawag.
- Kapag hindi nabayaran ang halaga para sa paggamit ng alinman sa serbisyo ng telekomunikasyon ng KDDI (kasama rin ang bukod pa sa mobile phone ng au) na nakakontrata ngayon o noon, ihinto ang paggamit para sa lahat ng kontrata, at puputulin ang mga kontratang iyon. Para sa mga ipinamana, kapag ang nakaraang may-ari ay hindi nakapagbayad sa nakaraan o habang nakikipagkontrata sa serbisyo ng kuryente at internet (pati na ang hindi telepono ng au), maaaring ipatigil o di kaya ay kanselahin ang lahat ng nakakontrata sa mamimili.
- Kapag mataas na ang halaga para sa paggamit, maaaring singilin ang halaga nang pana-panahon.

- Kapag nakakatanggap ng mensahe na kabilang sa mga campaign email o notification email na ipinapadala ng kumpanya, awtomatikong mabubura ang mga ito mula sa server matapos ang nakatakdang panahon. Mangyaring tingnan ang website para sa mga saklaw na email at detalye o pagbabago ng setting ng function na ito.



Data Charge / Data Gift

- Sa pagkuha ng Data Charge, ang mga mamimiling may kontrata ng saklaw na price plan o Flat-rate Data Service ay maaaring ibahagi ang dami ng data na nakakontrata sa ibang miyembro ng pamilya, o tanggapin mula sa kanila, na kapuwa nakatali para sa "Family Discount Plus", "au Smart Value" o "Magkasamang Pagsingil ng KDDI / Konsolidadong Pagsingil" sa pamamagitan ng serbisyo ng "Data Gift". Kasabay ng pagbabahagi ng dami ng data, ipapakita sa mamimiling nagpapadala ang pangalan at numero ng mamimiling tumatanggap.

au Smart Value

- Kapag hindi puwedeng gamitin ang serbisyo ng komunikasyon sa landline dahil ang bahay ng mamimili ay nasa labas ng lugar na sineserbiyuhan, atbp., magagamit ang au Smart Value kasama ng paggamit ng itinalagang Wi-Fi router. Gayunman, para dito, paunang sasang-ayunan ng mamimili na makipagkontrata sa serbisyo ng komunikasyon sa landline kapag nagagamit na sa hinaharap ang serbisyo ng ito sa bahay. Kung hindi makipagkontrata sa serbisyo ng komunikasyon sa landline, tatapusin ang diskuwento sa pamamagitan ng au Smart Value.
- Kapag nakakontrata ang mamimili sa au Smart Value (diskuwento sa router), at hindi nabuksan ang serbisyo ng komunikasyon sa landline para dito, at ikinansela iyon, at ang dahilan nito ay nasa kompanyang naglalaan ng serbisyo, babaguhin ang halaga ng diskuwento mula sa pang-apat na buwan sa susunod na buwan kung kailan ikinansela. Mangyaring tiyakin ang mga pagbabago sa website ng au atbp.
- Hanggang 10 linya lamang (Hanggang 9 na linya ng au Home Router 5G, au Smart Port, at iba pang saklaw na router service. Katulad din ng susunod.) ng au mobile phone, atbp. sa bawat linya ng nakakontratang serbisyo ng komunikasyon sa landline.
- Kapag maglilipat ng numero mula sa linya ng UQ mobile na may bisa ang Home Set Discount o di kaya ay naging saklaw ng Home Set Discount (hindi kabilang ang inalis na Home Set Discount Group) sa nakaraan, awtomatikong maililipat sa Family Discount Plus/au Smart Value Group sa panahon ng pagsali sa au maliban sa ilang pagkakataon. Kapag napunan ang kinakailangan para sa Family Discount Plus o di kaya ay au Smart Value, awtomatikong ilalapat ang discount. Sa pagkakataong ito, ituturing na iisang grupo ang Home Set Discount Group ng linya at ang Family Discount Plus/au Smart Value Group. Ang maximum na bilang ng linya na maaaring isama sa iisang grupo ay hanggang 10 linya ng au at UQ mobile.
- Kapag awtomatikong nailipat, makikita ang mga aytan na "Family Discount Plus/au Smart Value/Home Set Discount" sa "Nilalaman ng Kontrata (Papel ng Kontrata)" (tingnan sa page 1 kung paano makikita ang "Nilalaman ng Kontrata (Papel ng Kontrata)". Hindi saklaw ng awtomatikong paglilipat kapag hindi ito nakikita. Kailangan ng ibang aplikasyon kung nais sumali sa Family Discount Plus/au Smart Value. Mangyaring magtanong sa pinakamalapit na tindahan para sa detalye.

2. Iba't Ibang Serbisyo

Serbisyo ng Pagkonekta sa Internet

- Kapag gagamit ng sariling internet ang au mobile phone, kailangan ng alinman sa serbisyo ng 5G NET, LTE NET, 5G NET for DATA, LTE NET for DATA (pareho rin kapag gagamitin sa labas ng bansa).
- Sa pag-aaplay sa serbisyo ng pagkonekta sa internet, kailangang aprobahan ng mamimili na tumanggap ng "Hot Info" (serbisyo na tumanggap ng mga impormasyon ng anunsyo) (maaaring kanselahin ng mamimili).
- Sa oras ng pag-aaplay para sa content service na "au Book Pass", "Select Pack" o "au PAY Market", magiging kabilang ang pahintulot ng pagtanggap ng e-mail (kabilang ang mga anunsyo) na nagbibigay-abiso ng sinalihang serbisyo (maaaring kanselahin ng mamimili).

au E-mail at SMS (C Mail)

- Kailangan ng aplikasyon sa "5G NET at LTE NET" upang magamit ang au e-mail.
- Kailangan ng paunang setup bago magamit ang au e-mail.
- Ang pagpapadala ng SMS (C Mail) sa loob ng bansa ay ₱3 (₱3.3 kasama ang buwis)/ mensahe*. Walang bayad ang pagtanggap.
 - ※Kapag 70 malalaking karakter. Maaaring magpadala ng hanggang 670 na malalaking karakter depende sa modelo. May bayad na pang 2 mensahe ang unang 134 na karakter at pang 1 mensahe ang mga sumusunod na kada 67 na karakter. Mayroong plan na libre ang pagpapadala sa telepono ng au.
- Kapag magpapalit ng modelo mula iPhone sa Android smartphone o 4G LTE mobile phone, kailangang mag-setup bago magamit ang au e-mail at SMS (C Mail) at voice mail para sa Answering Service.

Paraan ng Setup

Magpadala ng SMS sa "00090015" mula sa bagong Android Smartphone o 4G LTE smartphone at ilagay sa mensahe ang "1234".

- Kapag magkaiba ang nakikipagkontratang panig sa serbisyo ng komunikasyon sa landline o Wi-Fi router at ang nakikipagkontrata sa serbisyo sa komunikasyon ng au, ang paghawak ng impormasyon ng mamimili at iba pang kailangang pagsang-ayon ay kailangang kunin mula sa nakikipagkontrata ng serbisyo ng landline o Wi-Fi router bago mag-aplay para sa au Smart Value o paglilipat ng numero.

[Kung Paano Gagamitin ang Impormasyon ng Mamimili na May Kinalaman sa Paglalaan ng au Smart Value]

- Base sa kasunduan sa mga kumpanya ng komunikasyon sa landline (Tumutukoy sa mga kumpanya ng komunikasyon na naghahatid ng serbisyo ng komunikasyon sa landline para sa au Smart Value o kaya ay sa Home Set Discount Internet Course, o mga naghahatid ng Transfer Communication Service. Kapareho sa sumusunod.) na kinokontra ng mamimili, ang kumpanya (Okinawa Cellular Telephone Company sa ibaba) ay pinagkakatiwalaang kumuha ng pagsang-ayon ng mamimili tungkol sa sumusunod na bagay na may kinalaman sa paraan ng paggamit ng personal na impormasyon ng mamimili. Pakisuyong tiyakin ang puntong ito kasama ng sumusunod na bagay.
 - ※Upang maipaliwanag ang tungkol sa au Smart Value at mailaan ito, magkasamang maglalaan at gagamit ang KDDI at ang mga kumpanya ng komunikasyon sa landline ng impormasyon tungkol sa mamimili na nakuha base sa kontrata sa mamimili, sa pamamagitan ng Sistema ng impormasyon (kasama rin ang komunikasyon sa telepono) sa pagitan ng KDDI at ng mga kumpanya ng komunikasyon sa landline.
 - ※Ang impormasyon tungkol sa mamimili na magkasamang ilalaan at gagamitin ay pangalan, tirahan, numero ng telepono para sa pagkokontak, araw ng kapanganakan ng mamimili, at mga impormasyong may kinalaman sa aplikasyon at kalagayan ng kontrata tulad ng detalye ng mga serbisyo ng internet, telepono at TV na inaplay o ginagamit ng mamimili, araw ng pag-aaplay, pagsisimula ng serbisyo, at ng pagkansela ng mga iyon.
 - ※Base sa kontratang may kinalaman sa pagpoprotekta ng personal na impormasyon na ginawa sa pagitan ng dalawang panig, iingatang mahigpit ng kumpanya at mga kumpanya na naghahatid ng komunikasyon ang personal na impormasyon ng mamimili, at gagawin ang kinakailangang hakbang para sa pag-iingat sa seguridad nito.
 - ※Kung tungkol sa pagsisiwalat na may kinalaman sa personal na impormasyon, paghingi tulad sa pagtutuwid, paghinto sa paggamit, iba pang mga tanong, at mga opinyon, atbp, pakisuyong makipag-ugnayan sa opisina ng kumpanya ng komunikasyon sa landline na kinokontra ng mamimili. Puwede ring makipag-ugnayan sa opisina ng KDDI para sa pagtatanong at paghingi ng pagpapaliwanag.

au Smart Pass Premium / au Smart Pass

- Kapag itinigil ang "au Smart Pass Premium" at "au Smart Pass", kasabay na mabubura ang mga aplikasyon na inilagay gamit ang "au Smart Pass Premium" at "au Smart Pass" kabilang na ang mga data na nasa "au Server". Kung ang bayad sa paggamit ng serbisyong ito ay kasama sa kabuuang bayad para sa data (au Simple Payment Service, collective billing), at binabayaran ito gamit ang credit card o bank transfer, hindi awtomatiko ang kanselasyon matapos kanselahin ang au internet service kapag naka-On ang setting ng au Simple Payment (continued billing). Kung nais ipkansela, mangyaring isagawa ang operasyon sa service site at iba pa.

au Point Program

- Ang au Point Program ay serbisyo kung saan makakapag-apon ng puntos base sa paggamit ng au mobile phone kada buwan. Ang mga naipon na puntos ay maaaring gamitin sa pagbili ng au handset o sa panimili.
- Ang au Point Program ay inihahatid alinsunod sa "au Point Program Usage Agreement". <https://www.au.com/support/point/usage-agreement/>
- Itinuturing na sumang-ayon ang mamimili sa "au Point Program Usage Agreement" sa oras na pumirma sa kontrata ng serbisyo ng komunikasyon ng au sa pagitan ng mamimili at ng KDDI Corp/Okinawa Cellular.
- Ang paghawak sa impormasyon ng mamimili ng KDDI Corp/Okinawa Cellular Telephone Company na nakuha sa pamamagitan ng paghahatid ng au Point Program ay alinsunod sa "Privacy Policy" ng bawat kumpanya.
KDDI Privacy Policy:
<https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/privacy/>
Okinawa Cellular Privacy Policy:
https://okinawa-cellular.jp/corporate/disclosure/privacypolicy/privacypolicy_personal/

Tungkol sa au Wi-Fi SPOT

- Kailangang isagawa ng mamimili mismo ang setting upang magamit ang lahat ng au Wi-Fi SPOT sa buong bansa. Pumunta sa website ng au para sa paraan ng pagsesetup o kaya ay basahin ang setup guide ng biniling modelo.
<https://www.au.com/mobile/service/wifi/wifi-spot/usage/>
- Ang pagpirma ng mamimili sa kontrata ng serbisyo ng komunikasyon ng au at ng KDDI Corporation / Okinawa Cellular Telephone Company ay itinuturing na pagsang-ayon sa "au Wi-Fi SPOT User Policy" na ginawa sa pagitan ng Wire and Wireless Co., Ltd. Ang Wire and Wireless Co., Ltd. ay magbibigay ng libreng "au Wi-Fi SPOT" para sa mamimili na sakop ng serbisyong ito, alinsunod sa itinakdang patakaran.
※Alituntunin para sa paggamit ng au Wi-Fi SPOT
<https://www.au.com/mobile/service/wifi/wifi-spot/regulation/>
- Maaaring may bayaran kapag gagamit ng au Wi-Fi SPOT depende sa kontrata ng price plan.
Pumunta sa website ng au para sa karagdagang detalye ng bayad para sa au Wi-Fi SPOT.
<https://www.au.com/mobile/service/wifi/wifi-spot/>

SIM Unlock

- Maaaring magkaiba ang mga kondisyon depende sa paggamit at ginagamit na au mobile phone kapag isasagawa ang SIM Unlock.
- Mangyaring tingnan ang website ng au para sa mga detalye tungkol sa SIM Unlock.
<https://www.au.com/support/service/mobile/procedure/simcard/unlock/>

3. Paggamit, Pagtawag at Pagpapadala sa Labas ng Bansa

※Hindi papatawan ng kaukulang buwis ang halagang magagamit sa bawat internasyonal na serbisyo.

Paggamit sa Ibang Bansa

- Ang bayad para sa tawag, pagpapadala ng SMS (C Mail), o paggamit ng data ay hindi kapareho ng paggamit sa loob ng bansa.
- Pagtawag sa Labas ng Bansa
Halimbawang halaga para sa pagtawag sa loob ng isang minuto (Nagbabago ang bayad sa pagtawag depende sa destinasyon.)

	Pagtawag sa teleponong nasa parehong bansa	Internasyonal na pagtawag patungo sa Japan	Internasyonal na pagtawag malibang patungo sa Japan	Kapag tinawagan habang nasa ibang bansa
United States	¥120	¥140	¥210	¥165

- ※Mayroon ding babayaran kapag tumanggap ng tawag habang nasa labas ng bansa.
- Nagbabago ang bansa, lugar o internet service na maaaring magamit depende sa modelo.
※Mangyaring tingnan sa website ng au para sa detalye ng paggamit sa labas ng bansa.
<https://www.au.com/mobile/service/global/au-world-service/>
- Mayroong mga serbisyo na hindi magagamit sa labas ng bansa kahit na gagamit sa loob ng bansa.
- Bayad sa SMS (C Mail)
Pagpapadala: ¥100 / mensahe: Pagtanggap: Walang bayad
※Maaaring magpapadala ng hanggang 670 na malalaking karakter depende sa modelo. May bayad na pang 2 mensahe ang unang 134 na karakter at pang 1 mensahe ang mga sumusunod na kada 67 na karakter. Ang pagpapadala ng higit sa 70 na malalaking karakter ay para lamang sa au World Service VoLTE.

Tawag na Hindi Saklaw ng Unlimited Call Plan / Libreng Tawag ng Opsyon

- Sa ilalim ng mga plan at opsyon na unlimited calls sa loob ng bansa tulad ng "Super Kakeho", "Kakeho", "Flat Rate Calling Light", "Flat Rate Calling Light 2", "Flat Rate Calling", "Flat Rate Calling 2", "Smartphone Start Plan (Flat) 5G", "Smartphone Start Plan (Flat) 4G", "Flat Rate Calling (Smartphone Start)", hindi saklaw ng libreng tawag ang mga tawag sa telepono na itinalagang may bayad ng ibang kumpanya na nagsisimula sa 0180 (teledome) at 0570 (navidial), gabay sa numero (104), admin 1XY service (188), # Dial (quick dial), pagpapadala ng SMS, pagtawag sa satellite/maritime satellite, at pagtawag sa hiwalay na numerong itinalaga ng kumpanya. Hindi rin saklaw ang internasyonal na tawag at pagtawag habang nasa ibang bansa.
- Ang pagtawag sa ilan sa mga itinalagang kumpanya ng komunikasyon o ang higit pa sa 744 na oras ng pagtawag kada buwan ay maaaring magkaroon ng bayad
- Ang mga tawag sa loob ng bansa na hindi saklaw ng libreng tawag ay sisingilin ng ¥20 (¥22 kasama ang buwis) kada 30 segundo maliban sa mga itinakda ng ibang kumpanya (ang pagtawag sa maritime satellite ay ¥50 (¥55 kasama ang buwis) kada 30 segundo).
- ※Mangyaring tingnan ang website ng kumpanya para sa detalye.
(<https://www.au.com/support/faq/view.k147928138/>)

Data Carry Over

- Kapag gagamitin ang serbisyo ng "Data Carry Over", kailangan ang "Data Charge" at alinmang saklaw na programa ng "Data Carry Over"
- ※Saklaw ng Data Carry Over ang mga may nakalapat na nakatakdang Price Plan o Flat-rate Data Service sa katapusan ng kasalukuyang buwan. Mangyaring tingnan ang website ng au para sa mga price plan na saklaw ng Data Carry Over.
<https://www.au.com/mobile/charge/data-option/data-kurikoshi/>
Dagdag pa dito, ang paglalapat ng Data Carry Over ay maaaring mangyari sa susunod na buwan base sa panahon ng pagpapalit ng plan.
Mangyaring tingnan ang website ng au para sa karagdagang detalye.
<https://www.au.com/mobile/information/>



au ID

- Kung pag-iisahan ang au ID, hindi magagamit ang mga serbisyong ginagamit sa bawat au ID bago ng pag-iisa. At sa kasong ito, awtomatikong matatapos ang mga nagpapatuloy na serbisyong na binabayaran ang bayad sa komunikasyon nang pinagsamasama sa pamamagitan ng au Simple Payment Service.
- Kapag ang isang au ID ay nakarehistro para sa mga linya ng au/UQ mobile (o pinag-iisa sa isang au ID), mababago ang impormasyon ng lahat ng linya sa panahon ng pagbabago ng impormasyon ng kontrata (pangalan, tirahan sa panahon ng pagkokontra, at personal identification number).

Data Communication

Maaaring gamitin ang World Data Flat / Kaigai Double-Teigaku. (May hiwalay na bayad.)

※Sa paggamit ng World Data Flat

- Lilimitahan ang bilis kapag humigit sa nakatalagang volume ng data ang natanggap bawat 24 na oras simula sa paggamit ng World Data Flat.

Mangyaring tingnan sa website ng au para sa detalye.

<https://www.au.com/mobile/service/global/au-world-service/sekai-data/>

Pagtawag at Pagpapadala ng SMS (C Mail) sa Ibang Bansa

- Ang pagtawag o pagpapadala ng SMS (C Mail) sa ibang bansa ay hindi kapareho ng pagtawag o pagpapadala ng SMS (C Mail) sa loob ng bansa.

Pagtawag sa Ibang Bansa

Halimbawang halaga ng pagtawag nang 30 segundo (walang pagbabago ng halaga sa 24 oras)

Kontinente ng United States	Korea	China	Philippines	Thailand
¥20	¥55	¥55	¥65	¥65

- Ang halaga para sa pagpapadala ng internasyonal na SMS (C Mail) ay ¥100 / mail. Libre ang pagtanggap ng SMS.

※Maaaring magpadala ng hanggang 670 na malalaking karakter depende sa modelo. May bayad na pang 2 mensahe ang unang 134 na karakter at pang 1 mensahe ang mga sumusunod na kada 67 na karakter.

- Itinakda ng KDDI ang hangganan sa halaga ng paggamit na ¥30,000 sa isang buwan. Kapag natiyak na nakalampas sa hangganan ang bayad para sa paggamit ng mamimili, ititigil ng KDDI ang serbisyo. Bukod pa, maaaring ihinto ang paggamit ng serbisyong ito hanggang sa natiyak na nabayaran na ang halaga para sa pagtawag na umabot sa hangganang iyan.

Pagtingin ng Bilang ng Tawag ng au Flat Rate para sa Internasyonal na Tawag

- Kapag humihingi ang nakikipagkontrata ng au Flat Rate sa Internasyonal na Pagtawag na tiyakin ang ulit ng pagtawag na saklaw sa buwanang flat-rate, isisiwalat ng KDDI ang ulit ng pagtawag kapag natiyak lamang na iyon ay ginagawa ng nakikipagkontrata mismo.

4. Pagkasira/Pagpapaayos

Preparando-se para a perda / defeito do terminal

- Maaaring mawala o mabago ang mga nakalagay na data o setting dahil sa pagkawala o pagkasira* ng au mobile phone. Iminumungkahi na magbaback up ng mga data katulad ng phonebook, mga larawan atbp. kung sakali man na may nangyaring hindi inaasahan o kailangang magpalit ng telepono.

※Hindi kasama sa garantiya ang mga pagkawala o pagbabago ng mga data o setting dahil sa pagkasira ng telepono atbp.

Paalala sa Charging at Battery

- Gumamit lamang ng mga battery (built-in), charger, at opsyonal na aksesorya na itinakda ng kumpanya. Maaaring magdulot ng pagkasira, sunog, paso, sugat o pagkakuryente ang paggamit ng hindi itinakdang mga aksesorya.

- Ang battery (built-in) ay consumable. Kung ang battery ay hindi napupuno at umiikil ang oras na nagagamit ito kahit i-charge, nalalapit nang matapos ang life span nito kaya kumonsulta sa lalong madaling panahon. Kung ang battery ay built-in, may babayaran para sa pagpapaayos matapos ang pagtanggap. Dagdag pa dito, maaaring may panahon na hindi ito magagamit. Hinihingi ang inyong pang-unawa. Ang life span ay nakadepende sa paraan ng paggamit, atbp. Pumunta sa website ng au para sa karagdagang detalye.

<https://www.au.com/support/faq/detail/31/a00000000231/>



Serbisyong Garantiya

- Inimbak nang 4 na taon ang mga piyesa para sa pagkukumpuni ng mobile phone ng au at ng mga aksesorya matapos ang paggawa. Pagkalampas sa panahon ng pag-iimbak ng mga piyesa para sa pagkukumpuni, hindi na matatanggap ang pagkukumpuni. Kahit sa loob ng panahong iyon, maaaring hindi rin matatanggap ang pagkukumpuni dahil sa kawalan ng mga piyesa para sa pagkukumpuni.

- Hindi matatanggap ang ilan lamang na pagkukumpuni kung may iba pa ring kailangang ayusin. Sa kasong ito, ikukumpuni ang lahat at ibabalik iyon sa mamimili, dahil hindi maigagarantiya ang kalidad ng produkto kung sa pagkukumpuni sa ilang bahagi lamang (maaaring sisingilin ang bayad depende sa uri ng pagkukumpuni).

- Kung tungkol sa mga ginawan ng pagbabago (kasama rin ang mga software) at mga ikunumpuni maliban sa dakong inawtorisahan ng KDDI para sa pagkukumpuni, ang mga iyan ay tatanggapin ikunumpuni.

- Ang panahon ng pag-gagarantiya ng au mobile phone (Bago) ay isang taon mula sa araw ng pagbili nito. Dahil hindi lahat ng phone ay may kalakip na kard ng garantiya, humingi mula sa pinagbilhang tindahan ng anumang patunay (resibo atbp) na nagsasaad kung kailan ito binili at itago itong mabuti.

- Mangyaring kumpirmahin sa instruction manual ang tungkol sa mga probisyon sa libreng pagkukumpuni ng au mobile phone.

- Sa panahon ng pagkukumpuni ng smartphone, tablet at 4G LTE mobile phone atbp., matatanggap lamang kapag inalis na ng mamimili mismo ang lahat ng data mula doon.

- Sa pagkukumpuni ng Osaifu-Keitai®, kailangan munang mag-alis ng data sa loob ng FeliCa chip o sumang-ayon na alisin ng kumpanya o ng ahente ng kumpanya ang data sa loob ng FeliCa chip. Ang mamimili mismo ang dapat gumawa ng paglilipat ng data.

Update ng Software

- Kapag ipinagawa ang telepono, ibabalik ito na gamit ang pinakabagong software.
- Huwag magsasagawa ng hindi nararapat na pagpapalit (operasyon sa sistema ng handset kung saan magagamit ito nang malaya) ng OS (basic software). Ituturing na pagbabago ng pagkakayari ng software kapag ginawa ito at maaaring hindi tanggapin ang pagpapaayos sa sirang.

Mga Dapat Tandaan sa Pag-chacharge

- Tiyakin ang taas at baba ng adaptor kapag gagamitin at ikonekta nang direktso. Huwag ikonekta ang au mobile phone charger at adaptor kapag may sirang, may nakadikit na dumi (metal) o may likido (pawis o inumin).

Basa ng Tubig

- Kahit na walang reaksyon sa sticker para sa basa ng tubig, ituturing pa rin na basa ng tubig kapag nakita sa loob ng pagkabulok o kalawang.
- Ang pagchacharge kapag may basa ng tubig ay lubhang mapanganib at nagiging sanhi ng abnormal na pag-init o pagkasunog.

Repair and Delivery Service

- Makakakuha lamang ng serbisyong ito sa panahon ng pagbili ng au mobile phone. Kapag umalis sa pagiging miyembro, hindi makakabalik hanggang sa susunod na pagbili ng au mobile phone.

- Mangyaring tingnan sa website ng au ang "Repair and Delivery Service" para sa karagdagang detalye hinggil sa paggamit ng serbisyo at ibang paunawa.

<https://www.au.com/mobile/service/kosho-funshitsu/>



Repair and Delivery Service with AppleCare Services

- Makakakuha lamang ng serbisyong ito sa panahon ng pagbili ng iPhone/iPad. Kapag umalis sa pagiging miyembro, hindi makakabalik hanggang sa susunod na pagbili ng iPhone/iPad.

- Mangyaring tingnan sa website ng au ang "Repair and Delivery Service with AppleCare Services" para sa karagdagang detalye hinggil sa paggamit ng serbisyo, ibang paunawa at pagsang-ayon.

<< iPhone >>

<https://www.au.com/iphone/service/warranty-acsc/>

<< iPad >>

<https://www.au.com/ipad/service/warranty-acsc/>



iPhone



iPad

5. Security

Lock Setup ng Handset

- Kapag ginamit ang lock* sa handset, siguraduhin na hindi makakalimutan kung paano ito i-unlock.

※Ang lock ay numero na inilalagay upang hindi magamit ng ibang tao ang inyong telepono.

- Kapag nakalimutan ang mga numero para mai-unlock ang telepono, kailangang i-reset (factory settings) ang telepono upang muling magamit. Tandaan na kapag ang telepono ay ibinalik sa factory settings, mawawala ang lahat ng data na nakalagay sa telepono katulad ng mga larawan at mensahe.

Anti-Virus / Back Up

- Maaaring malagyan ng virus ang smartphone, 4G LTE mobile phone at tablet katulad ng kompyuter. Kailangang mag-ingat sa operasyon, pagbabago ng setting at pagdodownload ng di kilalang aplikasyon. Inirerekomenda ang mga anti-virus.

- Inirerekomenda na magsagawa ang mamimili mismo ng back up ng mahahalagang data sa eksternal na memori o sa kompyuter. Tingnan ang "Manual" para sa karagdagang detalye.

PIN (Personal Identification Number)

- Ang PIN ay numero na kailangan para gamitin ang iba't ibang serbisyo ng au. Ang default na PIN ay ang apat na numero na inilagay ng mamimili sa panahon ng bagong pagkokontrata. Kailangan ng mamimili na ingatang mabuti ang kaniyang PIN, dahil ituturing ng KDDI na ang nakikipagkontrata ang gumamit nito kahit ginamit ito ng iba.

Paggamit ng Aplikasyon

- Mangyaring i-setup at pangalagaan ang mga password na kailangan upang magamit ang mga aplikasyon.

- Ang ilang aplikasyon ay maaaring magpadala ng impormasyon ng gumagamit sa mga kompanyang nangongolekta ng impormasyon at mga kompanyang nagbibigay ng mga anunsyo. Kailangan ng mamimili na tiyaking mabuti at unawain ang paliwanag sa pagsang-ayon at sa mga kundisyon para sa paggamit ng mga application na may kinalaman sa impormasyon bago sumang-ayon at gumamit ng mga iyon.

- Hindi saklaw ng garantiya ng manufacturer at ng Repair and Delivery Service ang anumang problema na maidudulot ng anumang aplikasyon na inilagay ng mamimili.

Mga Hakbang Laban sa Spam Mail

- Para sa paggamit ng mamimili ng au e-mail, nakasetup ang "Awtomatikong Pagkontrol sa Spam Mail" bilang isang hakbang laban sa mga spam mail. Ang "Awtomatikong Pagkontrol sa Spam Mail" ay awtomatikong titiyak sa mga mail na ipinapadala bilang spam mail at kokontrol upang hindi makarating ang mga iyon sa mamimili*, gayunman maaaring kontrolin din nito ang mga hindi spam mail para sa mamimili. Ang impormasyon ng mga mail na hindi ipinadala (petsa at oras ng pagtanggap, tirahan ng nagpadala, at paksa ng mail) ay matitiyak ng mamimili mismo kung gagamitin niya ang kakayahan na magbibigay-alam sa kaniya ng mga iyon sa mail (kailangan ng bayad) minsan sa isang araw. At, ang "Awtomatikong Pagkontrol sa Spam Mail" ay puwedeng ikansela.

※Titiyakin nito ang mga katangian ng spam mail na nakikita sa internet na uuriin sa sumusunod na kategorya, at saka hindi nito ipaparingat sa mamimili ang mga mail na nagkakatatag na mga katangian ng spam mail sa pamamagitan ng paghahambing ng mga iyon sa impormasyon tulad ng paksa at teksto ng mail na ipinadala sa mamimili.

[Kategorya]

pakikipag-date / droga / pang-adulto / sugal / pandaraya tulad ng phishing site / malware (malicious na software na naka-programa para sa mapanlinlang na paglikol)

6. Iba Pa

au IC Card

- Ang KDDI ang may-ari ng au IC Card.
- Sisilingin ng KDDI ang kaukulang halaga para sa muling paggawa ng au IC Card dahil sa pagkawala, pagkasira, atbp.

Pagpaparehistro ng Impormasyon ng Gumagamit

- Kapag magkaiba ang nakikipagkontrata at ang gumagamit ng mobile phone ng au, irehistro ang impormasyon ng gumagamit ayon sa pag-aaplay ng nakikipagkontrata (para lamang sa indibiduwal at tao sa ilalim ng Family Discount). Kung ipapagamit sa menor-de-edad, irehistro ang gumagamit.
- Ang nakikipagkontrata ay kailangang magpaliwanag sa gumagamit na ang kaniyang pangalan, petsa ng kapanganakan ay irehistro sa KDDI at gagamitin ang mga impormasyon tulad ng habdset na ginagamit at mga komunikasyong ginagawa ng gumagamit atbp., batay sa nakasaad sa dokumento ng kumpanya na Paghawak ng Impormasyon ng Mamimili Kaugnay ng "Sapat na Anonimisasyon", at kailangan ring ipaliwanag ang mga bagay na kailangang bigyan-pansin na may kinalaman sa paggamit ng mobile phone ng au upang kumuha ng kaniyang pagsang-ayon.
- Ang bawat proseso na may kinalaman sa kontrata (pagbabago ng kontrata, pagbili ng opsyon, at iba pa) ay gagawin ng may-ari ng kontrata. Gayunman, kailangan ng paunang pagkuha ng pagsang-ayon ng gumagamit parasa sumusunod na mga bagay kung sa pag-aaplay sa detalyadong rekord ng pagtawag.
 - (1) Ipapakita sa detalyadong rekord ng pagtawag ang araw, petsa ng bawa't pagtawag, mga numero ng tinawagan at iba pang mga bagay.
 - (2) Ang detalyadong rekord ng pagtawag ay ipapadala kasama ng bayarin sa tirahan na itinalaga ng nakikipagkontrata.
 - (3) Ang nakikipagkontrata ay maaaring humingi ng pagbabago ng uri ng detalyadong rekord ng pagtawag at pagputol nito. Kapag binago ang impormasyon ng gumagamit, puputulin ang paggawa ng rekord ng pagtawag.
- Kahit ipapagamit ang mobile phone ng au maliban sa taong nakikipagkontrata, ang nakikipagkontrata ay may pananagutan sa pagbabayad. At kapag ginawa ng gumagamit ang paglabag sa mga pananagutang may kinalaman sa kontrata tulad ng pagpapadala ng spam mail gamit ang linyang iyon, ituturing ito bilang ginawa ng nakikipagkontrata, at gagawin ang paghinto sa paggamit, pagpapawalang-bisa ng kontrata, pakikipagpalitan sa ibang mga kumpanya ng impormasyon ng nagpapadala ng spam mail, atbp. sa pangalan ng nakikipagkontrata. Dahil dito, kailangan ng nakikipagkontrata na mag-ingat sa pagpapagamit.
- Ang halaga para sa serbisyong may bayad o mga bagay na binili sa bawa't website ay sisilingin sa nakikipagkontrata kasama ng halaga sa komunikasyon. Kailangan ng nakikipagkontrata na ingatang mabuti ang PIN sa au Simple Payment Service na gagamitin para sa pagbili, atbp.

Paglimita sa Paggamit

- Pakisuyong isulat sa application form para sa kontrata ang tirahan at numero ng telepono sa landline ng sariling bahay at pinagtatrabahuan, atbp. Kapag hindi nakakakontak ang KDDI sa mamimili, maaaring ihinto ang serbisyo sa pagtawag.
- Maaaring limitahan ang pagkonekta sa network kung ang mobile phone ay nasa sumusunod na mga kalagayan.
 - (1) au mobile phone na sa maling paraan nakuha sa pamamagitan ng krimen tulad ng pagnanakaw (panloloob) sa au Style/au shop/UQ spot, atbp. at pandaraya
 - (2) au mobile phone na ang utang para sa halaga (kasama rin ang utang para sa paunang pagbabayad) ay hindi pa binabayaran
 - (3) au mobile phone na kinuha sa di-totoong pagkokontrata, tulad ng paggawa ng pekeng dokumento na nagpapatunay sa kaniya, at na ang isinulat sa application form (pangalan, tirahan, kapanganakan, atbp.) ay mga maling impormasyon
 - (4) au mobile phone na ginawang imposibleng ikolekta o magamit sa "Serbisyong Pagpapadala ng Kapalit na Telepono"
- Maaaring putulin ang komunikasyon na tuloy-tuloy na nakakonekta nang nakatakdang panahon (mahigit 24 oras), o gawin ang paglimita sa port depende sa kalagayan ng network upang panatilihin ang kalidad ng serbisyo at ingatan ang pasilidad.
- Maaaring pansamantalang matigil ang linya kapag naging mataas ang halaga ng paggamit.

7. Paggamit ng Personal na Impormasyon

Dahilan ng Paggamit ng Personal na Impormasyon

- Nauunawaan ng KDDI ang kahalagahan ng personal na impormasyon ng mamimili (hindi lamang ang mga personal na impormasyon na nakasaad sa batas sa pangangalaga ng impormasyon, ngunit pati na rin ang mga indibiduwal na datos), at upang lubusang ingatan iyon, tutuparin ng kumpanya ang mga gabay at polisiya sa pangangalaga ng personal na impormasyon na nilikha ng grupong sinalihan ng kumpanya para sa pangangalaga ng personal na impormasyon sa loob at labas ng bansa.
- Maaaring gamitin ng KDDI Corporation ang personal na impormasyon na nakuha sa pamamagitan ng mga negosyo ng telekomunikasyon, pag-aahente ng bangko, pag-aahente ng seguro, at ng pag-aahente ng pinansyal na produkto para sa mga saklaw na layunin ng paggamit na nakasaad din sa Privacy Policy sa website ng KDDI Corporation (<https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/privacy/>). Bilang halimbawa, kabilang ang mga nasa ibaba sa mga layunin ng paggamit.

(1) Para sa Negosyo ng Elektrokomunikasyon

1. Pagbibigay ng iba't ibang uri ng serbisyo ng negosyo ng elektrokomunikasyon (Kabilang ang pagsasagawa ng mga nakasaad sa bawa't kontrata at kontrata ng paggamit atbp.)
2. Gawaing may kinalaman sa pagkompyut o pagsingil ng bayad sa paggamit, o gawaing may kinalaman sa pagkompyut o pagbibigay ng points
3. Gawaing may kinalaman sa pagsusuri at pagbibigay ng kontrata
4. Gawaing may kinalaman sa pag-aasikaso sa mga tanong ng mamimili
5. Gawaing may kinalaman sa serbisyo pagkatapos ng pagbili
6. Gawaing may kinalaman sa pagdadagdag at pagbabago ng opsiyonal na serbisyo
7. Gawaing may kinalaman sa paghinto ng serbisyo
8. Pagbibigay ng impormasyong may kinalaman sa kasalukuyan at bagong serbisyo, at bagong menu
9. Gawaing may kinalaman sa pagbibigay ng impormasyon na nakuha sa pag-iimbestiga at pagsusuri ng kondisyon ng serbisyo (kabilang na ang pagbili)
10. Gawaing may kinalaman sa produkto, serbisyo, okasyon, at kampanya sa layuning itaguyod ang paggamit
11. Gawaing may kinalaman sa pagbibigay ng pagsusuri
12. Gawaing may kinalaman sa pagpapadala ng anunsyo
13. Gawaing may kinalaman sa pagbuo ng bagong serbisyo, pagsusuri at pagpapasulong ng kalidad ng serbisyo
14. Gawaing may kinalaman sa pagbuo, operasyon, at administrasyon ng pasilidad, kagamitan, at software na may kaugnayan sa paglalaan ng serbisyo
15. Gawaing may kinalaman sa pag-iimbestiga at pag-aasikaso sa panahon ng problema ng produkto at sistema, at aksidenteng may kaugnayan sa serbisyo
16. Pagsasagawa ng imbestiga para makaiwas o habang mayroon hindi legal na kontrata o paggamit o hindi pagbabayad.
17. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa bawa't serbisyo (kasama rin dito ang maliban sa mga serbisyo sa komunikasyon) na inilalaan ng KDDI Corporation, ng mga kompanyang may kaugnayan sa KDDI Corporation, at ng mga konektadong kompanya*

(2) Negosyo ng pag-aahente ng bangko

1. Pagpapagitan sa paggawa ng kontrata na ang laman nito ay pagtanggap ng deposito na yen at banyagang pera, at pagpapautang ng pondo, ng konektadong pinansiyal na institusyong* itinakda ng KDDI Corporation, at mga gawaing may kaugnayan sa mga ito
2. Pagtiyak sa kuwalipikasyon sa pagbili ng pinansiyal na produkto at serbisyo ng konektadong pinansiyal na institusyong* itinakda ng KDDI Corporation
3. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa kasalukuyan at bagong serbisyo, atbp. ng konektadong pinansiyal na institusyong* itinakda ng KDDI Corporation
4. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa kampanya, okasyon, atbp. ng konektadong pinansiyal na institusyong* itinakda ng KDDI Corporation
5. Gawaing may kinalaman sa pag-aasikaso sa mga tanong, atbp. ng mamimili na may kaugnayan sa negosyo ng pag-aahente ng bangko
6. Gawaing may kinalaman sa pag-iimbestiga sa pamamagitan ng mga tanong na may kaugnayan sa negosyo ng pag-aahente ng bangko
7. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa bawa't serbisyo na inilalaan ng KDDI Corporation, ng mga kompanyang may kaugnayan sa KDDI Corporation, at ng mga konektadong kompanya*

(3) Negosyo ng pag-aahente ng seguro

1. Pag-aahente at pagpapagitan sa paggawa ng kontratang may kaugnayan sa pag-aalok ng seguro, atbp. ng konektadong kompanya ng seguro* na itinakda ng KDDI Corporation, at mga gawaing may kaugnayan sa mga ito
2. Pagtiyak sa kuwalipikasyon sa pagbili ng produkto at serbisyo ng seguro ng konektadong kompanya ng seguro* na itinakda ng KDDI Corporation
3. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa kasalukuyan at bagong serbisyo, atbp. ng konektadong kompanya ng seguro* na itinakda ng KDDI Corporation
4. Paglalaan ng konektadong kompanya ng seguro* na itinakda ng KDDI Corporation
5. Gawaing may kinalaman sa pag-aasikaso sa mga tanong, atbp. ng mamimili na may kaugnayan sa negosyo ng pag-aahente ng seguro
6. Gawaing may kinalaman sa pag-iimbestiga sa pamamagitan ng mga tanong na may kaugnayan sa negosyo ng pag-aahente ng seguro
7. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa bawa't serbisyo na inilalaan ng KDDI Corporation, ng mga kompanyang may kaugnayan sa KDDI Corporation, at ng mga konektadong kompanya*

(4) Negosyo ng Pag-aahente ng Pinansyal na Produkto

1. Pag-aahente at pagpapagitan sa pagbebenta ng hinahawakang securities, pangangasiwa dito, at pagbubukas ng bagong accounts ng konektadong kompanya ng pinansyal na produkto* na itinakda ng KDDI Corporation
2. Pagtiyak sa kuwalipikasyon sa pagbili ng pinansyal na produkto at serbisyo ng konektadong kompanya ng pinansyal na produkto* na itinakda ng KDDI Corporation
3. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa kasalukuyan at bagong serbisyo, atbp. ng konektadong kompanya ng pinansyal na produkto* na itinakda ng KDDI Corporation
4. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa kampanya, okasyon, atbp. ng konektadong kompanya ng pinansyal na produkto* na itinakda ng KDDI Corporation
5. Gawaing may kinalaman sa pag-aasikaso sa mga tanong, atbp ng mamimili na may kaugnayan sa negosyo ng pag-aahente ng pinansyal na produkto
6. Gawaing may kinalaman sa pag-iimbestiga sa pamamagitan ng mga tanong na may kaugnayan sa negosyo ng pag-aahente ng pinansyal na produkto
7. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa bawat serbisyo na inilalaan ng KDDI Corporation, ng mga kompanyang may kaugnayan dito at ng mga konektadong kompanya

※ Tungkol sa konektadong pinansyal na institusyon, konektadong kompanya ng seguro, mga kompanyang may kaugnayan sa KDDI Corporation, at mga konektadong kompanya, pakisuyong tingnan ang Privacy Policy sa opisyal na website ng KDDI Corporation, sa bukod na impormasyon bilang 5 (<https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/privacy/exhibit5/>).

■ Ang paggamit ng personal na impormasyong may kinalaman sa Kontrata sa Ikatlong Partido Para sa Bawat Produktong Bibilhin sa Utang ay ayon sa Mga Kundisyon sa Paggamit ng Personal na Impormasyong May Kinalaman sa Transaksyon sa Pag-utang Tulad ng Kontrata sa Ikatlong Partido Para sa Bawat Produktong Bibilhin sa Utang.

■ Mangyaring tingnan ang Privacy Policy sa website ng kumpanya ang iba pang mga detalye at pinakabagong bersyon (<https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/privacy/>).

Paggamit ng Personal na Impormasyon sa Negosyo ng Pag-aahente ng Bangko

■ Ang KDDI Corporation ay maaaring gumamit ng impormasyon ng mamimili na may kinalaman sa transaksyon sa bangko na ginagamit sa negosyo ng pag-aahente ng bangko (impormasyon ng mamimili na may kinalaman sa deposito, transaksyon ng palitan, at pag-utang ng pondo, at iba pang impormasyong may kinalaman sa pinansiyal na transaksyon, ari-arian, atbp. ng mamimili) para sa mga gawaing nakalagay sa [Layunin sa Paggamit ng Personal na Impormasyon] (kasama rito ang mga gawaing may kinalaman sa pag-aalok ng seguro at pinansyal na produkto sa pamamagitan ng pakikipag-usap, sulat, tawag, internet, atbp.).

■ Ang KDDI Corporation ay maaaring gumamit ng impormasyon ng mamimili para sa negosyo ng pag-aahente ng bangko kahit na iyon ay kinuha para sa mga gawain maliban sa pag-aahente ng bangko, atbp. na tulad ng negosyo ng telekomunikasyon, pag-aahente ng seguro at pag-aahente ng pinansyal na produkto.

■ Maaaring gamitin ng kompanyang ito ang impormasyon ng mamimili na nakuha sa pag-aalok ng seguro o pag-aahente ng pinansyal na produkto (tulad ng mga impormasyong may kinalaman sa pamumuhay o ari-arian ng mamimili na idineklara ng mamimili na maaaring gamitin para sa pagkuha ng seguro o pinansyal na produkto sa pamamagitan ng ahente) para sa pag-aahente ng bangko atbp.

Paggamit ng Personal na Impormasyon sa Negosyo ng Pag-aahente ng Pinansyal na Produkto

■ Ang KDDI Corporation ay maaaring gumamit ng impormasyon ng mamimili na may kinalaman sa transaksyon ng pinansyal na produkto na ginagamit sa negosyo ng pag-aahente ng pinansyal na produkto (impormasyon ng mamimili na may kinalaman sa pinansiyal na transaksyon, ari-arian, atbp.) para sa mga gawaing nakalagay sa [Layunin sa Paggamit ng Personal na Impormasyon] (kasama rito ang mga gawaing may kinalaman sa pag-aalok ng seguro sa pamamagitan ng pakikipag-usap, sulat, tawag, internet, atbp.).

■ Ang KDDI Corporation ay maaaring gumamit ng impormasyon ng mamimili para sa negosyo ng pag-aahente ng pinansyal na produkto kahit na iyon ay kinuha para sa mga gawain maliban sa pag-aahente ng pinansyal na produkto tulad ng negosyo ng telekomunikasyon at pag-aahente ng seguro.

■ Maaaring gamitin ng kompanyang ito ang impormasyon ng mamimili na nakuha sa pag-aalok ng seguro (tulad ng mga impormasyong may kinalaman sa pamumuhay o ari-arian ng mamimili na idineklara ng mamimili na maaaring gamitin para sa pagkuha ng pinansyal na produkto sa pamamagitan ng ahente) para sa pag-aahente ng pinansyal na produkto atbp.

Paghawak ng Impormasyon ng Mamimili Kaugnay ng “Sapat na Anonimisasyon”

■ Alinsunod sa mga Alituntunin na may Kinalaman sa “Sapat na Anonimisasyon” sa Negosyo ng Telekomunikasyon na binuo ng 5 grupong may kaugnayan sa negosyo ng telekomunikasyon kabilang ang sinalihang grupo ng kumpanya para sa pangangalaga ng personal impormasyon (Japan Data Communication Foundation), gagamitin ang impormasyon ng mamimili para sa ikagaganda ng serbisyo habang binabawasan ang panganib ng pagkakakilanlan ng komunikasyon at ng indibidwal gamit ang pagpoproseso ng impormasyon ng mamimili tulad ng posisyon sa pamamagitan ng “Sapat na Anonimisasyon”.

■ Mangyaring tingnan ang mga layunin ng paggamit ng pinorosesong impormasyon tulad ng posisyon sa pamamagitan ng “Sapat na Anonimisasyon”, paraan ng pagpoproseso, paggamit o pagtigil sa pagbibigay (opt out) sa mga ikatlong partido, at iba pang bagay hinggil sa Paggamit ng impormasyon ng lokasyon na pinoroseso sa pamamagitan ng “Sapat na Anonimisasyon”.

Pumunta sa: (<https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/juubunnatokumeika/>)



Tatlong prinsipyo para sa seguridad ng impormasyon sa paggamit ng smartphone

(1) I-update ang OS (operating system)

Kailangang i-update ang OS ng smartphone. Kapag gumagamit ng lumang OS, lalong may panganib na mahawaan ng virus. Kaya, kapag ipinaalam ang tungkol sa pag-a-update ng OS, kailangan itong gawin agad.

(2) Tiyak ang paggamit ng anti-virus na software

Natutuklasan ang ilang aplikasyon na may halong virus. Kapag gumagamit ng smartphone na may Android™ bilang OS, mangyaring gamitin ang “Virus Buster™ for au” o ang “Virus Block” na inilalaan sa au Smart Pass Premium at au Smart Pass.

(3) Mag-ingat sa pag-iinstall ng mga aplikasyon

Ang ilang website na naglalaan ng mga aplikasyon (pinanggalingan ng mga aplikasyon) ay hindi gaanong gumagawa ng paunang pagsusuri para sa seguridad, atbp. Ang mga aplikasyon na may halong virus ay paminsan-misang natutuklasan mula sa naturang website. Kaya, sa pag-iinstall ng mga aplikasyon, kailangang gamitin ang mapagkakatiwalaang website na para doon ay ginagawa ng kompanyang naglalaan ng OS o kompanya ng mobile phone ang pagsusuri para sa seguridad. At, mag-ingat din sa kakayahang at mga kundisyon sa paggamit ng aplikasyon sa panahon ng pag-iinstall.

Padalus-dalos na ginagawa ay puwedeng humantong sa matinding krimen ~Hindi namamalayang nasasangkot sa krimen~

■ Sino talaga ang gagamit ng mobile phone na iyan?

Pinakisuyuan ka ba na gumawa ng pagkokontrata sa mobile phone bilang kapalit ng kundisyon tulad ng “May magandang part-time na trabaho para sa iyo”?

Dumarami ang kaso na pinapakontrata sa iba ang mga modelo ng mobile phone at kukunin sa pandaraya.

Ang mobile phone na kinokontrata ng mamimili ay maaaring gamitin sa pandaraya at iba pang mga krimen!

Ipinagbabawal na ipasa ang mobile phone, SIM card, atbp. nang walang pahintulot ng kompanya ng mobile phone. 【Base sa Mobile Phone Improper Use Prevention Act】

Sa walang pahintulot ng kompanya ng mobile phone at bilang negosyo, kung ipapasa sa iba ang mga iyon sa iba nang may bayad (ibenta), ang taong iyon ay hahatulan ng 2 taong pagkakabilanggo o mas maikli, o multa na ¥3,000,000 o mas mababa.

■ Ang dokumento ba ng pagpapatunay na iyan ay para sa mismong makikipagkontrata?

Totoo ba ang impormasyon doon?

Pakisuyong huwag magsinungaling sa pag-aalay sa mobile phone, tulad sa pangalan, tirahan at petsa ng kapanganakan. 【Base sa Mobile Phone Improper Use Prevention Act】

Ang taong lalabag sa batas sa layuning itago ang mga pagkakakilanlan sa sarili ay hahatulan ng multa na ¥500,000 o mas mababa.

Ang makikipagkontrata ay may pananagutang magbayad ng halaga sa paggamit ng mobile phone at ng halaga ng modelo.

※ Ang “Mobile Phone Improper Use Prevention Act” ay ang batas upang maiwasan ang paggamit ng mobile phone sa maling paraan, sa krimen tulad ng pandaraya.

D Iba Pang Mga Paunawa (Bawat Modelo)

Pakiusap na tingnan ang mga bagay tungkol sa ginagamit na modelo.

1. Android Smartphone (saklaw ng au VoLTE), Modelo mula iPhone 8/8 Plus, X

Iba't Ibang Serbisyo

- Walang Charge Display pagkatapos ng tawag. Maaaring makita sa Charge Reference ng My au ang nagamit na halaga hanggang sa nakaraang araw.
- Hindi puwede ang Call Hold habang may parating na tawag. Puwede ang Call Hold habang tumatawag.
- Kailangan ng aplikasyon para sa serbisyo ng Call Waiting (¥200 (¥220 kasama ang buwis) /buwan). Walang opsyon na ipagbabawal ang Call Waiting sa espesipikong tao (1452+numero ng tao).

Pagpapalit mula "WIN/LTE" sa "VoLTE"

- Hindi magagamit ang time setting para sa Answering Service, Call Forwarding, at Non-answered Call Forwarding.
- May pagbabago sa Special Numbers for Remote Control para sa Answering Service (Voice Mail) EX at Call Forwarding. Pumunta sa website ng au para sa karagdagang impormasyon.
 - ① <https://www.au.com/mobile/service/call/orusuban-ex/>
 - ② <https://www.au.com/mobile/service/call/tensou/>
- Ang puwedeng irehistro sa Nuisance Call Blocking ay tumaas sa 30 mula sa dating 10.
- Hindi maaaring gamitin ang Prepaid Service kahit sa eksklusibong paggagamit man o sa magkasamang paggagamit. Hindi na magagamit ang natitirang balanse kapag nagpalit ng modelo nang may balance sa magkasamang paggagamit.



Paggagamit sa Labas ng Bansa (au World Service)

- Hindi magagamit sa labas ng bansa ang Special Numbers for Remote Control para sa Answering Service at Call Forwarding.
- Mawawalan ng bisa ang setting at hindi maililipat ang tawag kapag hindi "alang Kondisyong Paglilipat ng Tawag" ang pinili.
- Mawawalan ng bisa ang setting kapag hindi "alang Kondisyong Answering Service" ang pinili. Kokonekta sa answering service kapag walang signal.

2. iPhone (iPhone 7/7 Plus, SE, 6s/6s Plus, 6/6 Plus)

Paggagamit ng Iba't Ibang Serbisyo

- Ang serbisyo ng Call Waiting ay magagamit nang walang bayad kahit anong setup.
- Walang Charge Display pagkatapos ng tawag. Maaaring makita sa Charge Reference ng My au ang nagamit na halaga hanggang sa nakaraang araw.
- Hindi puwede ang Call Hold habang may parating na tawag. Puwede ang Call Hold habang tumatawag.
- Walang opsyon na ipagbabawal ang Call Waiting sa espesipikong tao (1452+numero ng tao).
- Hindi maaaring gamitin ng eksklusibo at magkasama ang Prepaid Service.

Paggagamit sa Labas ng Bansa (au World Service)

- Hindi magagamit ang mga espesyal na numero para sa remote control ng answering service at call forwarding.
- Mawawalan ng bisa ang setting at hindi maililipat ang tawag kapag hindi "Walang Kondisyong Paglilipat ng Tawag" ang pinili.
- Mawawalan ng bisa ang setting kapag hindi "Walang Kondisyong Answering Service" ang pinili. Kokonekta sa answering service kapag walang signal.

3. 4G LTE Mobile Phone

- Mawawala ang natitirang data na binili sa data charge kapag nagpalit sa plan na "Two-Step Data Flat (mobile phone)" "Two-Step Data Flat Z (mobile phone)" "LTE Two-Step Data Flat".
 - ※Hindi magagamit sa "Two-Step Data Flat (mobile phone)" "Two-Step Data Flat Z (mobile phone)" "LTE Two-Step Data Flat" ang data charge.

- Tandaan na limitado ang modelo na maaaring palitan ang au IC Card depende sa kombinasyon ng ginagamit na modelo at price plan.

Ginagamit na Modelo	Nakakontratang Price Plan	Modelo na Maaaring Palitan ang au IC Card
4G LTE mobile phone (saklaw ang au VoLTE)	Price Plan na Maaaring Piliin	4G LTE mobile phone (saklaw ang au VoLTE)
GRATINA 4G (KYF34)		GRATINA 4G (KYF34) lamang
AQUOS K (SHF31)	"Senior Plan" o kaya ay "LTE Plan S+LTE Two-Step Data Flat"	AQUOS K (SHF31) lamang

[Checklist para sa mamimili] Mga Dapat Malaman Hinggil sa Pakikipagkontrata (Buod)

Lagyan ng check ang mga bagay na ipinaliwanang at naintindihan.

☒ 1	Paglalatap ng Kasunduan at Termino	Cover
☒ 2	Para sa Gagamit	P1
☒ 3	Paraan ng Pagtingin ng Nilalaman ng Kontrata	
☒ 4	Pagbabayad	P2
☒ 5	Halaga na Babayaran ng Mamimili	
☒ 6	Bayad sa Pagkansela ng Kontrata	P3
☒ 7	au Simple Payment Service	
☒ 8	Serbisyo ng Filtering (Kapag Menor de Edad ang Gagamit)	P4
☒ 9	Paglilimita sa Bilis ng Komunikasyon	P5
☒ 10	Area Quality Information Transmission Function	
☒ 11	Communication Control Function	
☒ 12	Tungkol sa Communication Identification Function	
☒ 13	Kalidad ng Koneksyon at Service Area	P6
☒ 14	Pagkansela sa Loob ng 8 Araw (Sistema ng Panukalang Kumpirmasyon)	
☒ 15	Paraan ng Iba't Ibang Uri ng Pagpapalit, Pagkansela, atbp.	P7
☒ 16	Mga Dapat Tandaan sa Paggamit ng Contents	
☒ 17	Awtomatikong Koneksyon at Software Update	



Kapag babayaran sa pamamagitan ng hulugan ang telepono atbp., mangyaring kumpirmahin ang mga nakasaad sa "Sa Paggawa ng Kontrata sa Ikatlong Partido Para sa Bawa't Produktong Bibilhin sa Utang (Pagbabayad nang Hulugan)" o "Kontrata sa Pagbili sa Bayad na Hulugan (Pagbabayad nang Hulugan)".

Mangyaring magtanong sa staff ng tindahan para sa mga katanungan.

Pangalan ng
Tumanggap

• Ang "QR Code" ay trademark ng Denso Wave Inc. • Ang "Wi-Fi" ay trademark ng Wi-Fi Alliance. • Ang "FeliCa" ay trademark ng Sony Corp. • Ang "Google Play" at "Android" ay trademark ng Google Inc. • Ang "AppleCare" ay service mark ng Apple Inc. • Ang "Adobe®Reader®" ay produkto o trademark ng Adobe Systems, Inc. • Ang "Virus Buster" ay trademark ng Trend Micro.

[Makipag-ugnayan sa amin]

Mga Katanungan Mula sa Mensahe	Mangyaring i-access ang QR code at magtanong gamit ang nais na aplikasyon. Mga Aplikasyon: My au, LINE, iMessage Oras ng Pagtanggap: 24 oras (Walang bakasyon buong taon)	 Tingnan dito para sa detalye
Mga Katanungan Mula sa Tawag	Mula sa au mobile phone: Walang Area Code 157 (Libre) Mula sa Ibang Telepono:  0077-7-111 (Libre)	 Tingnan dito para sa detalye

<Accepting store>

KDDI Corporation

Opisyal na website: <https://www.au.com/>